**ACTIVITY SHEET**
**EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 1**
**QUARTER 3-MODULE 5**

Pangalan: ________________________________________________1-____________________

**Magresiklo, Dapat Alam Ko! (EsP1PIIIe-5)**

**Activity No. 1**

**Panuto:** Ano ang iyong mararamdaman sa mga sitwasyong nasa ibaba? Iguhit sa patlang ang / kung masaya at **X** naman kung malungkot ang iyong mararamdaman sa bawat sitwasyon:

 ✓  ✕

masaya malungkot

______1. Iniwan lang ng basurero sa gilid ng pader ang mga basyong bote ng softdrinks.

______2. Ginamit ni Tita Andrea bilang taniman ng halaman ang butas nilang kaserola, tabo at timba.

______3. Itinapon ng mga bata sa ilog ang mga plastic wrapper na pinagbalutan ng kanilang baong tinapay.

______4. Ang mga lumang damit ng Pamilya San Isidro ay ipinamigay nila sa mga batang pulubi sa lansangan.

______5. Ibinaon ni Tatay Fernan sa lupa ang mga pinagbalatan ng gulay at prutas upang magsilbi itong pataba o fertilizer.

**Activity No. 2**

**Panuto:** Isulat sa patlang kung **Pagreresiklo** o **Pag-aaksaya** ang isinasaad ng bawat pangungusap.

____________________1. Ilalagay ko sa isang maayos na sisidlan ang mga putol-putol kong krayola upang magamit pa sa mga susunod na gawaing pampaaralan.

____________________2. Itatapon ko na ang luma kong sapatos upang maibili ako ng aking ina ng bagong sapatos sa aking kaarawan.

____________________3. Iniiwan kong bukas ang pintuan ng aming refrigerator pagkatapos kong kumuha ng malamig na inumin o pagkain mula dito.

____________________4. Pagsasama-samahin ko ang mga pahina ng notebook na wala pang sulat upang mabawasan ang bibilhing notebook ni Nanay sa susunod na pasukan.

____________________5. Tinataniman namin ng Lola ko ng iba't ibang halaman ang mga boteng basyo ng softdrinks pati na rin ang mga sirang timba, galon ng tubig at butas na kaserola.

LIVEWORKSHEETS